


KIAN

KAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS

KAMUSTA KAWASAKI

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

Wanted : Support Staff para sa Araw ng mga Adulto



(成人式サポーターの募集について)

199

Ang Siyudad ng Kawasaki ay naghahanap ng taong bubuo ng grupong tinatawag na "Adult Day Team" para sa pagpa-plano, suporta, organisa at pagpapatupad ng mga ideya para sa seremonyang gaganapin sa pagdiriwang ng mga kabataang may dalawampung taong gulang at mag-dadalawampung taong gulang nitong ika- 9 ng Enero 2006 .

Maaaring maging miyembro nito kung ikaw ay nasa edad 18 hanggang 25 taong gulang, naninirahan o naghahanapbuhay sa loob ng Siyudad ng Kawasaki at interesado sa seremonyang gaganapin. Ang pagiging miyembro ng "Adult Day Team" ay nangangahulugan ng pagdalo ng may 3 hanggang 4 na beses sa isang buwan sa oras ng alas siyete ng gabi sa Chuushou-Kigyō Fujin Kaikan Building ng Musashi Kosugi. Ang mga pangunahing topiko ay ang pagpa-palano para sa seremonya ng Araw ng mga Adulto, pagtalakay tungkol sa PR para sa ibento atbp. Ang mga miting ay magpapatuloy hanggang sa Pebrero ng susunod na taon 2006. Maaaring lumahok sa grupo ano mang oras.

Maaring mag-apply sa Youth Support Department of the Citizen's Bureau sa numerong 044-200-2669.

20



Paligsahan sa ideya ng pangangalakal

(商店街空き店舗アイデアコンペについて)

200

Sa siyudad ng Kawasaki, pinapa-unlad ang mga hilera ng pamilihan sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga espesyalista sa pangangalakal, pagbibigay ng suportang pinansyal at pinakabagong pamamaraan ay ang 「Paligsahan ng ideya sa pagpapatakbo ng Pamilihan」



Ipinagbibigay alam sa lahat ng may ideyang orihinal tungkol sa pagpapatakbo ng kalakal, pagbabago ng tindahan/pamilihan kung ano ang dapat gawin sa isang bakanteng puwesto upang muling mapakinabangan ito atbp, inaanyayahang sumali at magsumite sa nabanggit na paligsahan. Ang pamilihan ay lugar kung saan nagtitipon-tipon ang karamihan kaya't inaasahang magkaroon ng masigla ay kahalihalinang lugar para sa lahat depende sa mga ideyang ipapamahagi ng mga sasali sa paligsahan.


Maaaring sumali/lumahok ang isang mag-aaral ng Senior High School, Kolehiyo, Kursong Bokasyonal at mga mamamayang nasa edad ng 20 taong gulang, inaanyayahan din ang pagsali ng grupo.

Ang pagpipili ay nahahati sa dalawang pamamaraan ng paghahatol. Una ay: pagsumite ng kasulatan (written submissions) at pangalawa ay: Pagpi-prisinta sa publiko ng ideya.

Ang mga pa-premyo ay: 100,000 yen(sampung lapad) para sa unang gantimpala (1 katao) 50,000 yen (limang lapad) para sa pangalawang gantimpala sa bawat isang kalahok (2 katao) at para sa ispesyal na papremyo: 30,000 yen (tatlong lapad).

Mangyaring ipadala ang inyong lahok mula ika-5 at ika-30 araw ng buwan ng Septyembre sa The Business and Tourism Section, The Economic Bureau, Kawasaki City, 〒210 8577 (Keizai-Kyoku Shogyō-Kankō Ka) sa Telepono bilang 044-200-2300. Ang mga porma sa pag-aaplay ay matatagpuan sa Munisipyo at nga Sangay nito, at sa mga Aklatan.

Kawasaki Robot Contest



Gaganapin ang Robot Contest upang mabigyan ng pagkakataon ang mga kabataang makaranas kung papaano ang paglikha ng Robot. Naglalayon din itong madagdagan ang kaalaman at makakatulong ito sa pag-promote ng elektronika, mekatronika at kompyuter para sa mga kabataang nangangarap maging inhinyero sa hinaharap.


Ang paligsahan sa paggawa ng Robot ay ihahandog ng Kawasaki City Industrial Promotion Group na tatanghalin sa ika-19, 20, at 21 araw ng buwan ng Agosto sa Kawasaki Industrial Promotion Hall.

Ang Junior Robot Contest naman ay gaganapin sa ika-19 ng buwan ng Agosto (Biyernes) mula sa oras ng ala-1 hanggang alas-5 ng hapon.

Ang unang pagpipili para sa mga makakasali ng Battle Robot Contest ay mag-uumpisa sa ika-20 ng buwan ng Agosto (Sabado) mula ika-8 ng umaga hanggang ika-7 ng gabi at ang Pinale ay gaganapin ng ika-21 araw ng Agosto (Linggo) mula alas-8 ng umaga hanggang alas-6 ng gabi.

Ang paligsahan ng Battle Robot Contest ay bukas para sa lahat ng mamamayang may edad at tapos na sa High School. Kinakailangang lumahok bilang grupong bibubuo ng apat na miyembro: kapitan, tiga-maneho, elektrisyan at mekaniko. Ang Robot ay kinakailangang gawang may Radio Controller, may paa at kamay na sumusunod ayon sa itinakdang alituntunin ng komite ng paligsahan. Ang mga alituntuning ito ay nangangahulugan ng tamang bigat, mga materyales na gamit sa pagbuo ng partes tamang laki at ibpa.

Ang Robot Contest na ito ay pang- labing dalawang paligsahang gaganapin. Kaninong Robot ang magwawagi? Inaasahang magiging mainit ang paglalaban. Inaanyayahan ang lahat na dumalo sa paligsahang gaganapin sa Kawasaki City Industrial Promotion Hall. Walang Bayad at ito ay matatagpuan sa Istasyon ng Kawasaki, West Exit, papunta sa direksyon ng ilog ng Tama. Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnayan sa Business Promotion Section ng Kawasaki City Industrial Promotion (Support Section for New Business Start-up) sa Tel: 044-548-4117.



Silid - Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Konsultasyon sa iba't-ibang Wika:

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Kastila: Martes at Huwebes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

Oras ng Konsultasyon:

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon

Issued by The Kawasaki International Association

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:<http://www.bremen.or.jp/kian/>